

Tip Sheet ng Kaligtasan ng mga Tagalinis

Isang serye ng mga tip sa kalusugan at kaligtasan upang maiwasan ang mga pinsalang nauugnay sa trabaho sa industriya ng paglilinis



Alamin ang iyong mga simbolo ng panganib!

Tag-init 2024

Ang Administrasyon ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho (Occupational Safety and Health Administration, OSHA) Pamantayan sa Komunikasyon ng Panganib ([Hazard Communication Standard, HCS](#)) ay mga simbolo ng babala na kinakailangan sa mga label ng kemikal na produkto para tulungang alertuhin ang mga gumagamit sa mga partikular na mga panganib. Maaaring mayroong ilang iba't ibang mga simbolo ng panganib ang iba't ibang mga kemikal. Makipag-usap sa superbisor mo tungkol sa kung anong personal na kagamitang pamproteksiyon ang maaaring kailanganin mo (gaya mga maskara, guwantes, o proteksiyon sa mata) – at kung paano pinakaligtas na magtrabaho. Narito ang ilan sa pinakakaraniwan:



Bungo at Nakaekis na mga buto

Nangangahulugan ang larawan na maaaring magsanhi ang kemikal na ito ng napakalubha at agarang nakakapinsalang mga epekto (mabilisang pagkalason), kabilang ang pagkamatay.



Apoy

Nangangahulugan ang larawan na ito na maaaring magsanhi o magliyab ang isang sangkap – madaling magliyab o maaaring uminit o madaling magliyab na gas.



Panganib sa Kalusugan ng Tao -

Nangangahulugan ang larawan na ito na maaaring magsanhi ang kemikal ng pinsala sa kalusugan mo, kinalaunan man o kaagad. Nangangahulugan na maaaring magsanhi ng kanser, pinsalain ang kakayahan mong magkaanak, o magsanhi ng iba pang mga nakakalasang epekto.



Agnas

Nangangahulugan ang larawan na ito na maaaring makasunog o makapinsala sa balat at mga mata mo ang isang kemikal. Maaaring magsanhi mga sangkap na ito ng kemikal na pagkasunog at makasira sa bakal.



Tandang Pandamdang

Nangangahulugan ang larawan na ito na maaaring magsanhi ang isang kemikal ng mga problema sa balat o paghinga mo, o magsanhi ng iba pang mga seryosong side effect (maaaring mabuo ang ilan sa paglipas ng panahon). Mga nakakairita at nakaka-sensitibo ang mga kemikal na ito.

Para sa mga empleyado:

- Humiling sa iyong superbisor para sa personal na kagamitang pamproteksiyon.
- Sabihin sa superbisor mo at magpatingin sa doktor kung hindi maganda ang pakiramdam pagkatapos ang paggamit sa mga kemikal sa trabaho

Para sa mga Taga-empleyo:

- Dapat panatilihin ng mga taga-empleyo ang isang nakasulat na programa sa komunikasyon ng panganib sa bawat lugar ng trabaho. Dapat tiyakin ng mga taga-empleyo na angkop na nalagyan ng label o namarkahan ang bawat alagyan, at bigyan ang mga empleyado ng espesipikong impormasyon sa mga panganib sa pisikal at kalusugan mula sa bawat mapanganib na kemikal ([Chapter 296-901 WAC Safety Standards for Hazard Communication – L&I](#)).
- Dapat ding kabilang sa mga label ng kemikal na produkto ang "mga pahayag sa pag-iingat" na mga babala at impormasyon sa kung paano ligtas na gamitin at itapon ang mga kemika na ito, kabilang ang mga isasagawang hakbang para bawasan ang anumang mga panganib.